令和５年４月１日改訂

# Impormasyon tungkol sa allowance ng pabahay

Magbibigay kami ng suporta sa renta

sa mga taong nasa panganib na mawalan ng tirahan.

Anjo City Hall, Welfare department, Social Welfare section, Welfare counselling (Kitacho-sya 1st floor)

Lunes～Biyernes 8:30a.m～5:15p.m

(Hindi kasama ang mga pista opisyal at mga pista opisyal sa katapusan ng taon at bagong taon)

TEL：0566－71－2245

# Impormasyon Tungkol sa
# Allowance ng Pabahay (Housing security benefit)

**Magbibigay kami ng suporta sa renta sa mga taong nasa panganib na mawalang ng tirahan.**

Magbibigay kami ng "Allowance ng pabahay(Housing security benefit)"sa mga taong nasa mahiap na kalagayan at posibleng mawala ng tirahan dahil sa pagkawala ng trabao o nabawasan ang income. Tutulungan naming para masigurado ang maayos na tirahan at suportahan ang paghahanap ng trabaho.

## 1 Halaga ng Allowance

※Ang halaga ng allowance ay may pagkakaiba depende sa inyong income.

| Bilang ng sambahayan | 1tao | 2tao | 3～5tao | 6tao | 7tao ～ |
|---|---|---|---|---|---|
| **Ang maximum ng halaga** (Buwan-buwan) | 37,000yen | 44,000yen | 48,100yen | 52,000yen | 58,000yen |

Kung ang halaga ng income ay mas malaki kaysa sa standard ng halaga, babayaran ayon sa calculation sa baba

Halaga ng alowance ＝ Aktwal na halaga ng upa —(Halaga ng income — Base amount)

## 2 Panahon ng Pagbabayad 3 buwan bilang pankalahatang tuntunin.

(Posibleng mag-extend nang 2 beses depende sa ilang partikular na kundisyon.)

*※I-che-check namin ang halaga ng monthly income ninyo at kung mas malaki ito kaysa sa standard ng halaga ng income, ang allowance ay ititigil.*

## 3 Paraan ng Pagbabayad

Kami ang direktang magbabayad sa bank account ng nagpapaupa (landlord) ng paupahang pabahay.

## 4 Kung Sino ang Makakatanggap Ang mga tumutugma sa sumusunod na A o B

A Ang isa na nawalan ng trabaho sa loob ng 2 taon

B Ang isa na nakakaranas ng pagbaba ng income dahil sa pag-alis sa trabaho o sa pagtigil ng negosyo dahil sa mga kalagayan ng kumpanya.

## 5 Mga Kondisyon sa Pagtanggap ng Allowance

Ang mga tumutugma sa sumusunod na ① hanggang ⑥.

① Ang income ng sambahayan sa buwan ng aplikasyon ay dapat na mas mababa kaysa sa "standard ng halaga ng income + halaga ng upa" na nasa chart sa baba.

| Bilang ng sambahayan | Base amount | Halaga ng upa (Maximum) | Base amount＋Halaga ng upa (Maximum) |
|---|---|---|---|
| 1tao | 81, 000yen | 37, 000yen | **118, 000yen** |
| 2tao | 124, 000yen | 44, 000yen | **168, 000yen** |
| 3tao | 159, 000yen | 48, 100yen | **207, 100yen** |
| 4tao | 197, 000yen | 48, 100yen | **245, 100yen** |
| 5tao | 235, 000yen | 48, 100yen | **283, 100yen** |
| 6tao | 273, 000yen | 52, 000yen | **325, 000yen** |

*※Ang mga allowance tulad ng Child Rearing Allowance at Child Allowance ay hindi itinuturing bilang inyong income.*

② Ang mga deposito at ipon ng lahat ng miyembro ng sambahayan sa petsa ng aplikasyon ay dapat na mas mababa kaysa sa listahan sa ibaba.

| 1tao | 2tao | 3tao | 4tao～ |
|---|---|---|---|
| 486,000yen | 744,000yen | 954,000yen | 1,000,000yen |

*※Kasama sa mga asset ang mga bond, stock, investment trust, NISA at crypto asset*

③ *Ang taong sumuporta sa sambahayan sa oras ng pagkawala sa trabaho (Kahit na hindi ka ang pangunahing breadwinner sa oras ng pag-alis sa iyong trabaho, atbp., pero naging pangunahing breadwinner sa oras ng aplikasyon dahil sa diborsyo, atbp.)*

④ Mga taong handa at positibong humahanap ng trabaho at maging independent.

⑤ Mga kinakailangan sa paghahanap ng trabaho

**【Pag-alis sa trabaho, pagsasara o paghinto ng negosyo, atbp(Ang mga humahanap ng trabaho)】**

| Mga kinakailangan sa paghahanap ng trabaho | | | |
|---|---|---|---|
| Counseling sa Independence Counseling Support Organization (City Hall) (※Apat na beses o mahigit sa isang buwan) | Pag-aaply sa mga kumpanya (Mahigit na isang beses sa isang linggo base sa prinsipyo) | Career counseling sa Hello Work, atbp. (Dalawang beses sa isang buwan o higit pa) | Mga aktibidad ayon sa plano (Konsultasyon sa badyet ng sambahayan) |
| Kailangan | Kailangan | Kailangan | Kailangan |

※Depende sa sitwasyon, puwede ring magreport at magkumpirma sa pamamagitan ng liham, atbp.

【Mga Kinakailangan sa Paghahanap ng Trabaho para sa Self-Employed】

| Mga kinakailangan sa paghahanap ng trabaho | | | |
|---|---|---|---|
| Counseling sa Independence Counseling Support Organization (City Hall) (※Apat na beses o mahigit sa isang buwan) | Konsultasyon sa negosyo at konsultasyon sa pamamahala ng negosyo (Mahigit isang beses sa isang buwan base sa prinsipyo) | Mga pagsisikap na dagdagan ang mga pagkakataon upang kumita ng kita na may kaugnayan sa trabaho maliban sa suweldo (Mahigit isang beses sa isang buwan) | Mga aktibidad ayon sa plano (Pagjoin sa mga seminar para sa mga taong self-employed, atbp.) |
| Kailangan | Kailangan | Kailangan | Kailangan |

※Depende sa sitwasyon, puwede ring magreport at magkumpirma sa pamamagitan ng telepono, atbp.

●Sa ikalawang extension, kailangang humahanap ng trabaho sa Hello work.

⑥ Ang aplikante at mga miyembro ng sambahayan ay hindi dapat miyembro ng anumang grupo ng krimen.

## 6 Pagkansela ng Allowance ng Suporta, Paghinto at Pagpapatuloy ng Allowance ng Suporta.

Kung hindi kayo nakahanap ng trabaho dahil sa pagkakasakit o injury, ikansela ang allowance ng suporta. Gayunpaman, pagkatapos gumaling mula sa sakit o injury at kung nakakahanap na ng trabaho, ang allowance ng suporta ay puwedeng ipagpatuloy kung gusto ninyo.

## 7 Pagtitigil ng Allowance ng Suporta

(1) Kung hindi kayo sumasali sa mga aktibidad sa paghahanap ng trabaho sa positibong paraan.

(2) Kung kayo ay may regular na trabaho at ang income ninyo ay mas malaki kaysa sa standard ng halaga ng income. Ititigil din kung hindi ninyo irport iyon.

(3) Kung lumipat kayo ng tirahan pagkatapos mapagpasyahan ang suporta.

(4) Kapag naging malinaw na hindi naaangkop na pagtanggap ng mga allowance ng suporta .

## 8 Sa Kaso ng Hindi Wastong Pagtanggap ng Allowance ng Suporta.

Kung nakumpirma na ang tatanggap ay hindi angkop para sa pagtanggap ng mga allowance, tulad ng paggawa ng maling aplikasyon, hihiling kami na ibalik ang buo o isang bahagi ng allowance na nabayaran na, at ititigil ang allowance sa hinaharap.

## 9 Mga Requirement Para sa Aplikasyon

| No. | Mga dokumento, atbp. | Nilalaman |
|---|---|---|
| (1) | Mga form ng aplikasyon na ipinamahagi ng lungsod | ① Housing Security Benefit Application Form (Application form para sa allowance ng pabahay)<br>② Liham ng kumpirmasyon kapag nag-aaplay ng allowance ng pabahay<br>③ Liham ng abiso tungkol sa pabahay |

| | | |
|---|---|---|
| (2) | ID card ninyo<br>(Mga dokumento sa pagpapatunay ng pagkakakilanlan) | Residence Card, Driver's license, My Number Card<br>Juki Card, Pasaporte, Welfare Notebook, Certificate ng Welfare, Health Insurance, Certificate of Residence, Kopya ng Family Register, atbp |
| (3) | Mga dokumento na may kaugnayan sa pagbibitiw or natanggal sa trabaho | ① Pag-alis mula sa trabaho/Pagsara ng negosyo (mga dokumentong nagpapatunay na nasa loob ng 2 taon mula nang namala ng trabaho)<br>Letter of employment separation / Unemployment slip, Certificate ng Employment Insurance Qualification, Notification of Business Discontinuation, atbp.<br>② Paghinto ng trabaho atbp(pagbaba ng income)<br>Mga dokumentong magpapatunay na bumaba ang iyong income at ang dahilan ng pagbaba.(Isang dokumentong nagpapakita na ang kumpanya ay nag-utos na magstop kayo sa trabaho atbp.,、Shift Chart 、Mga dokumento na maaaring kumpirmahin ang mga pagbabago sa kontrata.) |
| (4) | Mga dokumentong nagpapatunay ng income ng lahat ng miyembro ng sambahayan | Pay slip (Last 3 months ng lahat ng miyembro ng sambahayan)、Certificate ng Employment Insurance Qualification、Pension Book、Pension Certificate、Welfare Notebooks atbp., |
| (5) | Passbook(bankbook) ng lahat ng miyembro ng sambahayan | Kopya ng passbook/net bank para sa lahat ng miyembro ng sambahayan(Pakisuyong i-update ang inyong passbook) |
| (6) | Job Application Number sa Hello Work | Isa sa mga sumusunod<br>① Job Application Number sa Hello Work<br>② Pangalan ng contact point galing sa pampublikong libreng placement ng trabaho na ibinigay ng lokal na pamahalaan |
| (7) | Kontrata sa pagpapaupa | Maaari ninyong tingnan ang breakdown ng upa, karaniwang bayad sa serbisyo, atbp. |